# Mga Tanong at Sagot tungkol sa Pagpasok

**Tanong: Bago mag-pasukan dapat ba ay marunong nang bumasa at sumulat?**

**Sagot:** Hindi naman po. Bago matapos ang Prep hanggang Grade-one, ang panahon kung saan lumalago ang interes ng bata sa pagsasalita at pagbibilang.Sa mga natutuklasan nilang salita at numero sa loob ng kabuhayan . "Gusto kong basahin! gusto kong isulat!" Nagaganyak ang bata , bigyan natin ito ng kahalagahan.Sa Elementarya habang natututo sila ng mga salita ,tuturuan sila ng tamang posisyon sa paghawak ng lapis at tamang pagsulat ng letra ayon sa pagkakasunod-sunod.Papaliwigin ang kakayahan sa pag-aaral at maipadarama ang kasiyahan sa pagsusulat at pagbabasa.



**Tanong: Maayos ba ang Pananghalian?**

**Sagot:** "Mapili sa pagkain, mabagal kumain, may allergy sa pagkain.." at iba pang mga pag-aalala ang aming natatanggap na mga katanungan, subalit gumagawa ng iba' t-ibang ideya para ang mga bata ay maging masaya at masarap kumain ng pananghalian. Gumagawa ng sari-saring ideya ang paaralan upang maging masaya at mas masarap ang pagkain ng mga bata.Sa simula ng Grade 1, makikita ang indibidwal na pagkakaiba sa oras ng pagkain at dami ng kakainin . Kaiba sa ibang mga grado, isasaalang-alang ang gugugulin oras upang maging komportable sa pagkain at pagliligpit hangggang sa masanay sila. Para sa may allergy (o eliminasyon)sa pagkain, mangyaring makipag-ugnayan sa paaralan bago magpasukan. Mayroong pagpapaliwanag ukol sa pagsusuri ng kalusugan . Tulad sa tahanan, ipadama sa inyong anak ang kasiyahan sa pagkain ng sabay-sabay at maging pamilyar sa iba' t-ibang uri ng pagkai.



≪Menu ng isang araw≫
Kanin・pork tonjiru・nilutong isda・atsara・gatas

**Tanong: Kapag may pag-aalala, saan kaya maaaring kumonsulta. . . ?**

**Sagot:** "Nag-aalala ako, hindi mapakali itong anak ko, baka hindi kayang sumabay sa aralin ng elementarya" ,o "baka hindi marunong makipag-kaibigan" atbp.,kung may ganitong pag-aalala, mangyaring ikonsulta muna sa nursery o kindergarteng pinapasukan.Kasama nyo kami sa pag-iisip ng paraan. Kung kinakailangan ay ipakikilala sa mga institusyon na maaaring makatulong sa pakiki-ugnay sa paaralan. Kung mayroong anumang pagsasaalang-alang na nais para sa inyong anak, mangyaring makipag-ugnay sa papasukang paaralan.

**Tanong: Mayroon bang after school care para sa bata?**

**Sagot:** Mayroong maaaring tuluyan ang bata pagkatapos ng eskuwela tulad ng "Hamakko Fureai school, Houkago Kid' s club" , o "Gakudou Houiku" . Ito ay mga after-school care club na pinangangasiwaan ng mga tagapangalaga at tagapagturo. Para sa gabay kung saan at paano magpalista, mayroong pamphlet na matatagpuan sa Regional Development Division ng Ward Office.Makikita rin sa homepage ng Kodomo Seishonen Kyoku.
(Sa admission briefing, mayroon ding paliwanag ukol dito)



## Mga Notisya



◆**Bandang Oktubre,may darating na notisya mula sa munisipyo na nakasaad kung saang paaralan papasok(shugakko tsuchisho-notisya para sa enrollment). Ingatan po ito, itabi sa isang ligtas na lugar sa inyong bahay hanggang sa araw ng seremonya ng pasukan.**

◆**Bandang Nobyembre – Pangkalusugang Pagsusuri (Health check-up) sa paaralang papasukan.**

・Mangyari lamang na pumunta sa papasukang paaralan sa tinukoy na petsa at oras.May Dental para sa Medikal, Dentikal at Optalmiko. Kung kinakailangan ang paggamot, mangyaring magpakonsulta bago mag-pasukan
・Kung may gustong isangguni tungkol sa bata, mangyaring makipag-ugnay po lamang sa paaralan
・Para sa mga nagpaplanong lumipat ng tirahan, mangyaring makipag-ugnayan muna sa paaralan.

◆**Bandang Pebrero - Pagpapaliwanag tungkol sa Pagpasok (Admission Briefing)**

・Mayroong mga pagpapaliwanag tungkol sa pamumuhay sa paaralan, papasok at pauwi mula paaralan, mga gamit na kailangan ihanda bago mag-pasukan, paraan ng pagbabayad sa kakaining pananghalian sa eskwelahan, at iba pang bayarin sa paaralan. Sa araw ng Pagsusuri ng Kalusugan, magbibigay ng notisya ang paaralan tungkol sa etsa at oras.



Makipag-ugnayan sa : Yokohama Shi Kodomo Seishonen Kyouku Kosodate Shien Ka Yo/Ho/ Shou Renkei Tantou
横浜市こども青少年局子育て支援課幼・保・小連携担当

リサイクル適性Ⓐ
この印刷物は、印刷用の紙へリサイクルできます。

タガログ語

OPEN YOKOHAMA

Sa lahat ng Tagapangalagang may Anak na magiging Elementaryang mag-aaral ngayong Abril

# Para mapanatag ang kalooban sa darating na pasukan



## Ang pagpapalaki sa bata ang magiging pundasyon ng pamumuhay sa Paaralang Elementarya



| Anyo ng Pamumuhay | Sa Pakikipag-kapwa tao | Mga hilig at interes |
|---|---|---|
| ★Magkakaroon ng sariling pananaw at matututong gumalaw sa sariling kusa. | ★Magkakaroon ng kakayahang ipahayag ang sariling damdamin at pag-iisip. | ★Mas lalong nagiging mausisa at mapanaliksik tungkol sa mga bagay na kinahihiligan nila. |



**Pahalagahan natin ang bawat araw sa pagpapalaki ng anak.**
**Mas lalo pang palawigin ang kanilang husay at galing.**

※Para sa karagdagang impormasyon, maaaring bisitahin ang Homepage ng Kodomo Seishonen Kyoku.
http://www.city.yokohama.jp/me/kodomo/youji/

# Isang araw ng Batang Grade 1

**Sa umpisa ay malilito marahil ang mga bata dahil sa bagong kapaligiran sa elementarya, bagong kaibigan at guro, silid-aralan at iba pa.**
**Magmasid ng unti-unti, hayaan nating gamitin nila ang sariling kakayahan**

### Almusal



**Maagang gumising**

Magandang umaga!

Mag-aalmusal ako para sumigla

Mag toilet din bago pumasok
"Papasok na ako!"

### Papasok sa Paaralan

**Masiglang pagbati**

Babatiin ko ang kaibigan, mga guro, pati na ang mga boluntaryo ng paaralan.

### 8:15



**Paghahanda para sa isang araw**

Ilalabas ko ang mga libro at iba pang gamit na laman ng bag, saka ilalagay sa desk at locker.

### 8:30



**Pag-aaral ng bawat**

Pag-oobserba ng kalusugan/Awit sa umaga

Titingin ako sa mata ng guro at kaibigan at pakikinggan ko ang sinasabi nila.

> Sa simula ng pagiging Grade 1, ginagawang panatag ang kalooban ng bata para maging mapayapa ang kanilang buhay-eskuwela at pag-aaral.

### 1st period ～ 2nd period



**Pag-aaral ng bawat Asignatura**

Maglibot tayo sa paaralan.

Masaya din ang Aritmetik at Wikang Pambansa

> Sa panahong ito sila ay matututo sa pamamagitan ng mga aktibidad at aktuwal na karanasan . Kasama na rin ito sa pag-aaral.

### Bandang 10:30



**Oras ng pahinga**

Maglaro ng marami sa loob ng 20 minuto.
Sana magkaroon ako ng maraming pang kaibigan.

### 3rd ～ 4th period



**Pag-aaral ng bawat Asignatura**

> Binibigyang halaga ang interes ng bata, habang a)pa unti-unting sisimulan ang pag-aaral ng bawat b) asignatura.

### 12:15



**Masayang pananghalian**

Ang tungkulin ay isinahanay para palitan.
Hugasang maigi ang kamay.
"Kakain na tayo ng masarap na tanghalian"

> Sa parteng ito , maiaakma nila ang natutunan nila sa kinder at nursery, "Ang kakayang makipagtulungan sa mga kaibigan."

### Bandang 1:00



**Paglilinis**

Magtulong-tulong tayo sa paglilinis.
Kaya kong magpiga ng basahan.
Kaya ko ding magwalis

**Pahinga sa tanghali**

### 5th period (bandang 1:45 ～ )



Talaan ng mga Asignatura
1 Pamumuhay
2 Pamumuhay
3 Wikang Pambansa
4 Musika
5 Aritmetik

**Bawat Asignatura na pag-aaralan**

> Mga Asignatura na pag-aaralan sa Grade 1
> ・Wikang Pambansa ・Aritmetik
> ・Pamumuhay ・Musika
> ・Sining ・Edukasyong Pangkatawan
> ・Espesyal na Gawain ・Mabuting Asal
> ・Mga aktibidad sa Wikang Banyaga (YICA)

※Karamihan ng mga Paaralan nagsisimula ang 5th period makaraan ang ika-2 hanggang ika-3 lingo ng Abril.

### Pagtitipon sa uwian

**Pagpapaalam sa uwian**

Ano ba ang ginawa namin ngayong araw na ito ～
Isulat ang para bukas na talaan.

### Bandang 2:45 Uwian na

May mga batang pupunta sa Gakudo o Hamakko (tutuluyan ng bata pagkatapos ng klase).

Sabay tayo sa pag-uwi ha.
Hindi na tayo dadaan pa kahit saan, umuwi na tayo.
※Pag uwian , nagtitipon-tipon ang mga bata para sabay-sabay umuwi.

### Pagdating sa bahay





**Andito na ko!** **Maghahanda para bukas**

Kaya kong gawin ang homework, pati ang paghahanda ng gamit ko para bukas.

### Hapunan Maliligo

Ito ang ginawa namin ngayong araw. . .
Magsisipilyong mabuti

### Oras ng tulog 8:00 ～ 9:00

**Goodnight ～ (matutulog na ko ～)**

> Sa umpisa ng pasukan, masyadong napapagod ang mga bata. Kumpara sa dati maaga natin silang pagpapahingahin.


Kapag maagang natulog, masigla uli kinabukasan.
Eksayted na naman ako sa pagpasok bukas sa eskuwela!



# Masiyahan sa paglaki ng bata

～Magkakapit-kamay at magtutulungan ang pamilya at paaralan sa pagtataguyod sa kanila～

※Maaring bisitahin ang pahinang ito para makita ang kaugnayan ng lobo sa kaliwang pahina.





### Pakinggan natin ang sinasabi ng bata

◆Kung pakikinggan nating mabuti ang sinasabi ng bata , mapapanatag ang kalooban nila. at matututo silang maging tapat para ipahayag kung ano man ang nararamdaman nila.

### Laro

◆Sa paglalalaro, maraming mahalagang bagay silang matutunan. Dahil nauugnay sila sa iba' t ibang tao o bagay , magiging pamilyar sila sa mga patakaran at magiging maunawain at mapagbigay.

### Kailangan ang ating pagsubaybay

◆Magkamali man ang mga bata, sa pagkakamaling iyon ay marami silang matututunan.

### Maghintay

◆Hanggang sa makaya ng mga bata, sa una ay sabayan natin sila sa paggawa para magkaroon sila ng tiwala sa sarili.

### Pagbati

◆Kung nakikita ng bata na bumabati ang nakatatanda sa paligid nya, magiging natural na rin sa kanya ang bumati.

### Mga hilig at interes

◆Ang mga bata ay mawiwili at malilibang lalo na kung may interes at hilig sa bagay na ginagawa nila. Kasama rin dito, magkakaroon sila ng kakayahang mag-isip at magpasya.

### Kaugaliang Pamumuhay

◆"Maagang matulog/maagang gumising/mag-almusal" .Ito ang pinagkukunan ng sigla ng isang aktibong bata.









